

Mga Tuntunin ng Responsibilidad ng Kliyente

Inaatasan ng Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services o DSHS) ng Washington ang ilang kliyente sa programang Consumer Directed Employer (CDE) na magbayad ng bahagi ng kanilang mga serbisyo sa pangangalaga. Nagbabayad ang mga kliyenteng ito ng “Responsibilidad ng Kliyente” o co-payment na halaga bawat buwan. Tinutukoy ng DSHS ang halaga batay sa kita ng kliyente. Ibinabalangkas ng dokumentong ito ang mga tuntunin ng serbisyo ng Consumer Direct Care Network Washington (CDWA) para sa pagpoproseso ng iyong Responsibilidad ng Kliyente.

Background

- Tinutukoy ng isang DSHS, hindi ng CDWA, ang mga halaga ng Responsibilidad ng Kliyente.
- Makipag-ugnayan sa DSHS kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa halaga ng iyong Responsibilidad ng Kliyente.
- Ibinibigay ang mga bayad sa CDWA, hindi sa DSHS at hindi sa iyong IP.
- Hindi maaapektuhan ang iyong Indibidwal na Tagapagbigay (Individual Provider o IP).

Pagpoproseso

- Magbibigay ang CDWA ng Statement ng kliyente bawat buwan para sa mga account na may natitirang balanse.
- Hindi ka namin sisingilin hanggang sa lumampas ang gastusin ng mga serbisyo mo sa halaga ng iyong Responsibilidad ng Kliyente, o sa katapusan ng buwan kung mayroon kang natitirang balanse.
- Kung mas mababa ang gastusin ng pangangalaga kaysa sa halaga ng iyong Responsibilidad ng Kliyente, bibigyan ka ng statement para sa halaga ng gastusin ng pangangalaga sa susunod na buwan ng serbisyo.
- Ipadadala namin ang iyong statement ng responsibilidad ng kliyente sa pamamagitan ng koreo o email.
- Kasama sa iyong statement ang halaga, natitirang balanse, mga pagbabayad, at credit ng iyong Responsibilidad ng Kliyente.
- Kailangang bayaran ang mga ito sa CDWA sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng statement.
- Kung hindi matatanggap ang bayad sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng statement, lalampas ito sa nakatakdang petsa.

Mga Account na Lumampas sa Nakatakdang Petsa

- Kung lalampas sa nakatakdang petsa ang iyong account, makakatanggap ka ng abiso ng pagwawakas sa loob ng 30 araw.
- Kapag may hindi matatanggap na anumang balanseng lumampas sa nakatakdang petsa bago ang petsa ng pagwawakas, magresulta ito sa pagwawakas ng mga serbisyo ng CDE.
- Kung wawakasan:
 - Aatasan namin ang iyong mga IP na huwag kumilos.
 - Dapat kang makipagtulungan sa iyong Case Manager upang magsaayos ng iba pang serbisyo.
 - Maaari kang ibalik sa mga serbisyo ng programang CDE kapag nabayaran na nang buo ang iyong natitirang balanse.
 - Maaari naming i-refer ang iyong delingkwenteng account sa isang serbisyo ng pagkolekta.

Mga Pagbabayad

- Tinatanggap namin ang mga sumusunod na uri ng pagbabayad:
 - Electronic Funds Transfer (EFT).
 - Credit o debit card.
 - Tseke.
- Maaaring itakda ang mga elektronikong pagbabayad sa umuulit na iskedyul o bilang isang beses na pagbabayad.
- Hindi tumatanggap ang CDWA ng cash o mga bayad sa mga lokasyon ng aming tanggapan. Makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng koreo, email, o telepono upang magbayad.

- Kung tinanggihan ang bayad dahil sa hindi sapat na pondo (non-sufficient funds o NSF), pagsasara ng account, pagtanggap sa credit card, o sa anupamang dahilan, gagawin namin ang sumusunod:
 - Subukang iprosesong muli ang singil, at/o,
 - Makipag-ugnayan sa iyo para sa ibang paraan ng pagbabayad.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa (mga) statement ng iyong Responsibilidad ng Kliyente, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa infoCDWA@consumerdirectcare.com o sa pamamagitan ng telepono sa 866-214-9899.

Halimbawa ng Timeline ng Responsibilidad ng Kliyente

Halimbawa ng Serbisyo sa Enero

Enero 1 – Magsisimula ang serbisyo.

Kung maiipon ang iyong Responsibilidad ng Kliyente sa:	Ipapadala ang iyong statement sa:	Nakatakda ang pagbabayad sa
Enero 8, 2022	Enero 13, 2022	Pebrero 12, 2022
Enero 15, 2022	Enero 20, 2022	Pebrero 19, 2022
Enero 22, 2022	Enero 27, 2022	Pebrero 26, 2022

- Kung mas mababa ang gastusin ng pangangalaga kaysa sa halaga ng iyong Responsibilidad ng Kliyente, bibigyan ka ng statement para sa kabuuan ng gastusin ng pangangalaga sa susunod na buwan ng serbisyo.
- Kung hindi matatanggap ang bayad sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng statement, lalampas ito sa nakatakdang petsa, at makakatanggap ka ng abiso ng pagwawakas sa loob ng 30 araw.
- Kapag may hindi matatanggap na anumang balanseng lumampas sa nakatakdang petsa bago ang petsa ng pagwawakas, magreresulta ito sa pagwawakas ng mga serbisyo ng CDE.